# Naging nakasasapat lamang sa iyo na gumawa ka sa mga kamay mo ng ganito." Pagkatapos nagtapik siya ng mga kamay niya sa lupa nang iisang tapik. Pagkatapos nagpahid siya ng kaliwang kamay sa kanang kamay, ibabaw ng mga kamay niya, at mukha niya."}

Ayon kay `Ammār bin Yāsir (malugod si Allāh sa kanya) na nagsabi: {Nagpadala sa akin ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) dahil sa isang pangangailangan saka naging junub ako ngunit hindi ako nakatagpo ng tubig. Kaya nagpagulung-gulong ako sa buhanginan kung paanong nagpapagulung-gulong ang hayop. Pagkatapos pumunta ako sa Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) saka binanggit ko iyon sa kanya kaya nagsabi siya: "Naging nakasasapat lamang sa iyo na gumawa ka sa mga kamay mo ng ganito." Pagkatapos nagtapik siya ng mga kamay niya sa lupa nang iisang tapik. Pagkatapos nagpahid siya ng kaliwang kamay sa kanang kamay, ibabaw ng mga kamay niya, at mukha niya."}

[Tumpak] [Nagkasang-ayon sa katumpakan nito]

Nagpadala ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) kay `Ammār bin Yāsir (malugod si Allāh dito) sa isang paglalakbay para sa isa sa mga pangangailangan nito saka dumating sa kanya ang janābah dahil sa pakikipagtalik o paglabas ng punlay nang may pagnanasa ngunit hindi siya nakatagpo ng tubig upang maligo siya mula rito. Hindi siya nakaaalam noon ng patakaran ng pagsasagawa ng tayammum para sa janābah. Nakaaalam lamang siya ng patakaran nito para sa maliit na ḥadath. Kaya nangatwiran siya at nagpalagay siya na kung paanong ipinapahid ang alabok na nasa ibabaw ng lupa sa mga bahaging pinagsasagawaan ng wuḍū' para sa maliit na ḥadath, walang pagkaiwas na ang tayammum dahil sa janābah ay sa pamamagitan ng pagpapahid sa buong katawan ng alabok bilang analohiya sa tubig. Kaya naman nagpagulung-gulong siya sa alabok hanggang sa napahiran ang buong katawan at nagsagawa siya ng ṣalāh. Noong dumating siya sa Propeta (basbasan ito ni Allāh at pangalagaan), binanggit niya rito iyon upang malaman niya kung siya ba ay nasa tama o hindi. Naglinaw sa kanya ang Propeta (basbasan ito ni Allāh at pangalagaan) ng pamamaraan ng pagsasagawa ng tayammum mula sa maliit na ḥadath gaya ng pag-ihi at malaking ḥadath gaya ng janābah. Ito ay ang magtapik siya ng mga palad niya sa alabok nang iisang tapik, pagkatapos magpahid siya ng kaliwang palad sa kanang kamay, likod ng mga palad niya, at mukha niya.

النجاة الخيرية
ALNAJAT CHARITY
لجنة الدعوة الإلكترونية
EDC
E-Da'wah Committee